

Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church Intl

Mayo 2020



Palaguin ang Kaharian ng Diyos sa Pamamagitan ng Panalangin

Ni Haley Hulsman



“Ama naming nasa langit, pakabanalin nawa ang iyong pangalan. Dumating nawa ang iyong kaharian, matupad nawa ang iyong kalooban, dito sa lupa tulad ng sa langit.” Mateo 6:9-10

Para maging epektibo ang takbo ng isang kaharian, dapat nag-iisa lang ang hari sa trono; kung hindi, magkakagulo. Ayun sa Bibliya, ang kaharian na hindi nagkakaisa ay hindi makakatayo. Kailangan tayo ay bumaba upang ang kaharian ng Diyos ang iataas. Kailangan manalangin tayo, upang marinig natin ang kalooban ng Panginoon para sa kanyang simbahan, sa buong mundo at sa ating bayan.

Kailangan marinig natin kung ano ang nasa puso Niya para sa ating pamilya at sa ating buhay. Ito ay hindi para lang sa mga matatanda, kundi pati na rin sa mga bata, dahil kaya naman nilang makibahagi sa pagpapalago ng kaharian ng Diyos. Kaya kapag nananalangin ang mga bata, nababago ng kanilang dasal ang sitwasyon. Hindi basehan ang edad upang ibigay natin ang buong pagtitiwala sa kalooban ng Diyos, upang magamit niya ito sa pagpapalago ng Kanyang kaharian ditto sa mundo.

Ang panalangin ko sa araw-araw ay “Panginoon, palaguin mo ang iyong kaharian sa araw na ito, at gamitin mo ako upang mapalago ito.” Dapat gawin nating responsibilidad ang pagpapalago ng kaharian ng Diyos araw-araw at ituro natin ito sa mga bata para sila aymakilahok. Sinisikap namin na ma-ituro ito sa aming Sunday school.

Ayon kay E. M. Bounds sa kanyang libro na *Power Through Prayer*, "Ang kailangan ng simbahan ngayon ay hindi bagong kagamita, o organisasyon o bagong pamamalakad, kundi mga tao na puwedeng gamitin ng Espiritu Santo – mga taong madasalin, yung malakas magdasal. Ang Espiritu Santo ay hindi dadaloy sa pamamagitan ng mga bagong pamamalakad, kundi sa mga tao lamang. Hindi siya dadaloy sa mga bagong kagamitan, ngunit sa mga tao lamang. Hindi Niya binabasbasan ang mga plano, kundi ang mga tao, mga tao na madasalin.

Ang kaharian ng Diyos ay lalago lamang hanggang sa kung saan natin ito hahayaang lumago. Kung lahat ay makibahagi, mula sa pinakabata hanggang sa pinakamatanda, ang kaharian ng Diyos ay lalago ng higit pa sa ating maiisip. Kailangan lahat tayo ay magtulungan at magkaisa sa paggawa nito.

Pinapaalalahanan tayo ng Efeso 6:18 na manalangin sa pamamagitan ng Epiritu. "Palagi kayong manalangin ng lahat ng uri ng panalangin at paghiling sa pamamagitan ng Espiritu, at sa bagay na ito'y maging mapagbantay kayo at patuloy na magsumamo para sa lahat ng mga banal."

Maging handa tayo lagi at magsigasig sa pamamagitan ng panalangin upang mapalago ang kaharian ng Diyos dito sa mundo. Habang tayo ay gumagawa ng may pagkaka-isa, makikita natin ang kahanga-hangang ani na hindi pa natin naranasan.

Note: Si Halley Hulsman ay nagsisilbi kasama ang kanyang asawa na si Nathan Hulsman, bilang mga sugo sa Switzerland. Sa ngayon, sila ay nagsisilbi sa Berlin, Germany. Si Hailey ay ang editor ng UPC-GSN regional magasin, 'The Voice of the Vision'. Siya ay tumutulong sa youth ministry ng region at nagsisilbi bilang Promotions Director ng Ladies Ministries sa UPC-GSN Fellowship.

Laging Maging Alisto

Ni Tere Del la Rosa



"Purihin ang PANGINOON, ang aking malaking bato, kanyang sinasanay ang aking mga kamay para sa digmaan, at ang aking mga daliri sa pakikipaglaban;" Mga Awit 144:1

Sa loob ng labinglimang taon, nagtrabaho ako sa paaralan. Isa sa mga kailangan kung gampanan ay maging parte ng Safety Team.

Dahil sa patuloy na pagtaas ng kaso ng pamamaryl sa mga paaralan, ang Direktor ng Risk Management, pati na rin ang mga miyembro ng security team ng distrito at pulisya, ay nakilahok sa amin upang magplano ng dapat gawin kung sakaling merong mamamaryl sa aming paaralan.

Una, sa isang nakababahalang sitwasyon, pinakita nila sa amin ang buong mapa ng paaralan, pinasulat sa amin ang aming mga pangalan sa papel, at nilagay din duon kung nasaan kami alas-9 ng umaga. (Ito ay praktis lamang.) Pagkatapos sinabi nila sa amin na pagka-9:05 ng umaga, ang asawa ng isang guro na bawal lumapit sa kanya ay nakapasok sa paaralan at ngayon ay papunta na siya sa silid-aralan na may dalang baril. Kung sakaling isa sa amin ang unang makakita, tinanong nila kami ano ang gagawin namin. Pagkatapos ng mga tama at maling sagot, nagawa na namin ang plano.

Ipinaliwanag nila ang mga dapat naming gawin at kung paano dapat manatili kaming alisto, dahil sa hindi inaasahang pagkakataon, may tao na may dalang baril ang nakapasok na sa aming paaralan. Kasama din sa sinabi nila na importante ay ang pagdala lagi ng aming mga 'identification card', yung electronic card na pang-access ng gusali, ng susi namin at ng radio intercom.

Sa gitna ng nakakapagod na pagsasanay, ini-ayon ko ito sa espirituwal, dahil mayroong mga masasamang loob ang gustong manira ng buhay ng ating mga anak. Kaya bilang mga babae na madasalin, kailangan natin maging alisto palagi.

Una sa lahat, kailangan alam natin kung sino tayo sa Panginoong Hesus at hangarin natin na mas maging malapit sa Kanya (identity card). Ang patuloy na panalangin ang magbibigay daan sa Kanyang presensya (electronic card na pang-access ng gusali). Binigay Niya sa atin ang susi sa Kanyang kaharian, at ang kapangyarihang magbigkis at magkalag (keys). Puwede natin Siyang tawagin sa mga panahon na tayo ay nahihirapan at nawawalan na ng pag-asa, at Siya ay palaging tutugon sa atin. Kaya kailangan gawin natin ang lahat para patuloy tayong may komunikasyon sa Kanya (radio intercom).

- " Ang magnanakaw ay dumarating lamang upang magnakaw, pumatay, at pumuksa. Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan." (Juan 10:10).

Hindi tayo puwedeng makampante at maging komportable habang ang kaaway ay nakapasok na sa pintuan ng hindi natin inaasahan, upang nakawin at patayin ang mga mahal natin sa buhay. Binigyan tayo ng Panginoon ng isasagawang plano:

- "Magpakatino kayo, magbantay kayo. Ang diyablo na inyong kaaway ay tulad ng leong gumagala at umuungal, na humahanap ng kanyang malalapa." (1 Pedro 5:8)
- "Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit, at anumang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anumang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit." (Mateo 16:19).

Bilang mandirigma ng panalangin, meron tayong mataas na responsibilidad upang balutin sa panalangin ang mga mahal natin sa buhay. Nasa likod lamang natin ang ating Panginoong Hesus.

- " Manalangin kayong walang patid." (I Tesalonica 5:17).

Note: Si Tere De la Rosa ay National Coordinator ng Ladies Hispanic Evangelism Ministry, SEM United Pentecostal Church International, UPCI

Mula sa Isang Henerasyon Patungo sa Susunod na Henerasyon

Ni Teresa Bohannon



"Ang mga iyon sa kanilang mga anak ay hindi namin ikukubli, kundi sasabihin sa darating na salinlahi, ang maluluwahlating gawa ng PANGINOON, at ang kanyang kalakasan, at ang kanyang mga kahanga-hangang gawa na kanyang ginawa."(Mga Awit 78:4)

Ang aking Lola na si Nonnie "Pearl" Jackson, ay isang mandirigma sa panalangin. Kung maglalaan ka ng maraming panahon kasama si Lola, matututo ka ding manalangin. Nananalangin siya pagkasakay pa lang niya sa sasakyan hanggang sa makarating sa sambahan, ito ay tatlumpong minutong biyahe noong bata pa ako. Ang oras ng

kanyang panalangin ay pagbu-bukang liwaywa. Kung magpapalipas ka ng gabi kina Lola, magigising ka ng kanyang mga panalangin. Sa mga nakaraang taon, ay nagtipon siya ng pagkakaisa sa panalangin sa kanyang bahay. Marami akong nakilala sa USA na nagsabing, “Natuto akong manalangin noong dumalo ako sa pagtitipon sa panalangin duon sa bahay ng Lola mo.” Nagpapasalamat ako sa ehemplo niya sa buhay ko at sinisikap ko na maging kahalintulad na “Mom Mom” para sa aking mga apo.

"Sanayin mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at kapag tumanda na siya ay hindi niya ito tatalikuran." (Proverbs 22:6).

Ngayon, sa paglalakbay natin sa epidemya ng COVID-19, kailangan matuto ang ating mga anak na manalangin. Nakakatakot ang panahong ito para sa isang bata. Mainam na ituro mo sa kanila ang talatang Awit 56:3 “Kapag natatakot ako, aking inilalagak ang tiwala ko sa iyo.” Himukin mo silang banggitin ito sa tuwing sila ay nangangamba at natatakot.

Maglaan ng oras ng panalangin araw-araw. Ito ang mga kagamitan na tinuturo namin sa mga kabataan kung paano manalangin. Gamitin mo ito sa inyong pamamahay. Upang sa darating na mga taon, masasabi ng ating mga anak na “Nanalangin kami noong panahon ng pandemya ng Covid-19”

1. Manalangin ng may galak at pasasalamat. Gamitin ang pangungusap na ito; “ Panginoon, ikaw ay _____. Salamat sa _____.
2. Ituro ang iba’t ibang parte ng panalangin. Kakailanganin mo ng anim na iba’t ibang kulay ng papel. Pagpira-pirasuhin ang papel. Bigyan ang bawat isa ng isang pirasong papel. Ang bata na nakakuha ng dilaw na papel ang unang manalangin ng papuri. Pagkatapos, ikakapit niya ang kanyang papel sa may bilog. Ang itim na piraso ay magsisilbing paghingi ng tawad; ang bata na nakakuha nito ay manalangin at ikakapit ito sa dilaw na papel. Bawat piraso ay ikakapit sa naunang piraso. Ang asul-pasasalamat, pula- mga pangagailangan ng iba, berde- para sa pansariling pangangailangan, puti- pagdakila (lahat ng panalangin ay dapat magtapos sa pag-dakila). Pwede mong dagdagan ang tanikalang ito araw-araw sa oras ng panalangin. Para mas maging masaya, pwede kang gumamit ng M & M’s. Magtalaga ng panalangin sa bawat kulay. Masiyahan ka sa pagkain ng M&M’s!
3. Gumawa ng prayer cube. Gumamit ng kahon (puwedeng gamitin ang lagayan ng tisyu). Mag-gupit ng mga larawang ito mula sa magasin o mag-print mula sa kompyute; ng pamilya, mga misyon, mga kaibigan, Pastor, Presidente, ospital (o kahit na ano na sumasagisag sa mga karamdaman). Magdikit ng larawan sa bawat sulok ng cube. Bigyan ang bawat bata ng pagkakataon na ipagulong ang cube sa mesa o sahig. Ang larawan na nasa ibabaw ang magiging sentro ng inyong panalangin. Masisiyahan ang mga bata na na pagulongin ang cube ng maraming beses.

Note: Si Teresa Bohannon ay ika-anim na henerasyon ng Pentecostal, asawa ng pastor, nanay ng dalawang anak, Mom Mom ng apat (malapit ng maging lima), dating field editor ng WAP, magsusulat, may-ari ng boutique, designer, at kaibigan! Gusto niyang magbasa, magdesign, magtahi at mag-spend ng oras kasama ang mga kaibigan at gumawa ng mga alaala kasama ang pamilya.

Mula sa editor

Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang bagay!



Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto at ang newsletter na ito ay magagamit na ngayon sa Ingles, Espanyol, Pranses, Aleman, Olandes, Portuges, Ruso, Griyego, Arabo, Czech / Slovak, Tsino, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italyano, Norwegian, Polish, Hindi, Georgian, Japanese, Swedish, Vietnamese, Thai, Korean at Hebrew

Mangyaring tulungan kaming manalangin para sa mga tagasalin ng Serbian, Farsi!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

[Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!](#)



Dear Prayer Team Leader, Pakibisita ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"Like" ang aming page!! [Facebook Ladies Prayer International Link](#)

At mangyaring imbitahin din ang inyong grupo na mag-subscribe sa LIBRENG newsletter na ito.

sa: <http://www.ladiesministries.com/programs/ladies-prayer-intl>
o i-email ang request niyo sa: LadiesPrayerInternational@aol.com

Pakibahagi ang impormasyong ito sa iyong simbahan, mga kaibigan at pamilya. Salamat sa pagiging isang bahagi ng maunlad na ministeryo ng panalangin at sa pagtulong sa amin na ipalaganap ang salita tungkol sa LIBRENG newsletter at page sa Facebook!



Kung sino tayo . . . Mula noong 1999: Ladies Prayer Intl. ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo, na nagkikita sa unang Lunes ng bawat buwan upang magkaisa sa pokus na panalangin para sa kanilang mga anak at mga anak ng lokal na simbahan at komunidad.

Ang aming Misyon. . . Kami ay nakatuon sa espirituwal na pangangalaga ng henerasyong ito at higit pa at ang espirituwal na pagpapanumbalik ng mga nakaraang henerasyon.

Ang Ating Pangangailangan. . . Nakatuon ang mga kababaihan na magkakasama sa unang Lunes ng bawat buwan at manalangin na nakatutok sa panalangin para sa kanilang mga anak.

Tatlong Prayoridad ng Panalangin ...

- Ang kaligtasan ng ating mga anak (Isaias 49:25; Mga Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
- Na kanilang pagmamayriang ang kanilang pananampalataya pagdating ng tamang edad (I Juan 2:25-28; James 1:25).
- Na pasukin nila ang ministeryo ng ani para sa Panginoon (Mateo 9:38).



Who we are . . . Since 1999: Ladies Prayer Intl. is made up of women worldwide, who meet on the first Monday of each month to unite in focused prayer for their children and the children of the local church and community.

Our Mission . . . We are committed to the spiritual preservation of this generation and beyond and the spiritual restoration of previous generations.

Our Need . . . Committed women who will join together on the first Monday of each month and pray focused prayer for their children.

Three Priorities of Prayer...

- The salvation of our children (Isaiah 49:25; Psalm 144:12; Isaiah 43:5-6).
- That they take ownership of the faith at an accountable age (I John 2:25-28; James 1:25).
- That they enter into the ministry of the Lord's harvest (Matthew 9:38).